## SO WHAT

- Punahin ang pahayag ni William Vander Haven: "Ang ligaya ay hindi kawalan ng kaguluhan, ngunit ito ay pagkakaroon ng presensiya ni Kristo."
- Ayon kay Pablo sa kanyang naisulat sa Filipos 1:3-6, ano ang mga kadahilanan na maaaring magpaligaya sa ating buhay?
- May kinakaharap ka bang mga mahirap na kalagayan na kung saan ang iyong kagalakan, pananalig, at pagtitiis ay sinusubukan? Papaaano ka tumutugon dito?

## NOW WHAT

- Papaano mo papasiglahin ang iyong pananampaltaya na mapapanatili mo ang iyong pananaw ay may kagalakan sa bawat mahirap na kalagayan sa buhay?
- Sa palagay mo, paano mo napapatupad ang plano at layunin ng Diyos sa iyong buhay? Kung hindi man, papaano mo isasaayon ang iyong sarili sa Kanyang kalooban para sa iyong buhay?
- Anong mga ilang praktikal na hakbangin ang maaari mong gawin upang manatili ka na nakatutok sa Panginoon at hindi naaantala ng pag-aalala, takot, at iba pang mga negatibong palagay?

# PRAYER

- Hingin sa Banal na Espiritu na tulungan ka na palaguin ang bunga ng pagiging maligaya sa iyong puso (Filipos 1:19; 2:1,2).
- Manalangin na ang ligaya ng Panginoon ay magpalakas sa lahat ng miyembro ng iyong *Victory group*.
- Manalangin para sa inyong mga kaanak at mga kaibigan upang maranasan nila ang ligaya ng pagkakakilala kay Kristo.

VICTORY

Karapatang Pag-aari © 2013
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

WEEK 1 **FILIPINO**

# Ligaya kay Kristo




## NOTES

# CONNECT

- Magbahagi ng isang malinis na biro sa grupo.
- Ano ang pinakahuling pangyayari, sitwasyon, o pagdiriwang na nagpasaya sa iyo?
- Sino ang isang tao na nagpaligaya sa iyo itong linggo na ito? Anong nangyari?

**WORD**

*[25]Dahil dito, natitiyak kong mabubuhay pa ako at makakasama n'yo para matulungan kayong lumago at maging maligaya sa pananampalataya. [26]At kapag nakabalik na ako sa inyo, lalo pa kayongmagkakaroon ng dahilan para purihin si Kristo.* FILIPOS 1:25,26

**WHAT**

Ano ang pagkakaiba ng kasiyahan sa kaligayahan?  Ang kasiyahan ay ayon lamang sa panandaliang emosyon base sa panlabas na pangyayari. Ngunit  ang tunay na kaligyahan ay kakaiba. Ito ay nagmumula sa ating panloob kapag tayo ay may masiglang ugnayan sa Diyos. Papaano natin mararanasan ang tunay na ligaya sa ating buhay?

## 1 Ang ligaya ay dumarating kapag pananalig ay lumalago at lumalakas.

*[25]Dahil dito, natitiyak kong mabubuhay pa ako at makakasama n'yo para matulungan kayong lumago at maging maligaya sa pananampalataya. [26]At kapag nakabalik na ako sa inyo, lalo pa kayongmagkakaroon ng dahilan para purihin si Kristo.* FILIPOS 1:25,26

Ang ligaya ay isang bagay na dumarating mula sa lumalagong pananalig sa Diyos na sa kabila ng pangyayari na may kahirapan na ating kinakaharap, alam nating ang Diyos ay gumagalaw sa lahat ng bagay para sa ikabubuti natin at ayon sa Kanyang plano. Ano ang nagpaligaya kay Pablo at ninais niya na magpatuloy? Gaano ito ka totoo sa inyong kalagayan?

## 2 Ang ligaya ay dumarating kapag natutuptad natin ang ating layunin sa buhay.

*. . . [16]habang pinaninindigan n'yo ang salita na nagbibigay ng buhay na walang hanggan. At kung gagawin n'yo ito, may maipagmamalaki ako sa pagbabalik ni Kristo, dahil alam kong hindi nasayang ang pagsisikap ko sa inyo. [17]Ang paglilingkod n'yo na bunga ng pananampalataya n'yo ay tulad sa isang handog. At kung kinakailangang ibuhos ko ang aking dugo sa handog na ito, maligaya pa rin ako at makikigalak sa inyo. [18]At dapat maligaya rin kayo at makigalak sa akin.* FILIPOS 2:16-18

Alam ni Pablo ang kanyang panawagan at layunin sa buhay. Masaya siya dahil ang kanyang pinagsikapan ay may patutunguhan sa kanyang pamamahagi ng Salita ng Diyos sa mga taga Filipos. Siya ay tumakbo at nagtagumpay. Ang kaligayahan ni Pablo ay hindi nakasalalay sa kasalukuyang kalagayan niya. Kapag alam natin na ating  pinapatupad ang plano at layunin ng Diyos sa ating buhay, posible pa bang lumigaya sa kabila ng mga pagsubok?

## 3 Ang ligaya ay dumarating kapag nakatutok ang ating pansin sa Panginoon.

*[4]Magalak kayong lagi sa Panginoon! Inuulit ko, magalak kayo! [5]Ipakita n'yo sa lahat ang kagandahang-loob n'yo. Malapit nang dumating ang Panginoon!* FILIPOS 4:4,5

Si Pablo ay nanatiling naka-pokus sa Panginoong Jesus. Hindi niya isinulat na "magalak kayo dahil" o "magalak kayo  sa inyong paghihirap at pagdurusa" ngunit palagiang "magalak kayo sa Panginoon."  Ang ating pokus ay sa ating buhay na Panginoon, na Siyang nangako na lulubusin Niya ang Kanyang sinimulan sa atin (Filipos 1:6), na Siyang maglalaan sa ating mga pangangailangan ayon sa Kanyang maluwalhating  mga yaman (Filipos 4:19), at  Siyang namatay sa krus para sa atin.  Ano ang mga iba pang kadahilanan kung bakit dapat tayong magalak kay Jesus (Filipos 4:11-13; Filipos 3:1)?